NEW YORK STATE OF OPPORTUNITY. | Office of the Medicaid Inspector General

Pinoprotektahan ng New York State Office of the Medicaid Inspector General (OMIG) ang integridad ng programang Medicaid sa pamamagitan ng pagpigil at pagtukol sa mapanloko, mapang-abuso, at mapag-aksayang kagawian sa loob ng programang Medicaid ng estado at pagbawi ng pondo ng Medicaid na maling ginasta, habang tinataguyod ang de-kalidad na pag-aalaga sa pasyente.

Bilang isang kinikilala sa bansang nangunguna sa mga ahensiya ng integridad ng programang Medicaid, ang mga pagsusumikap sa pagbawi ng OMIG at mga inisyatiba sa paglimita sa gastos ay nakakatipid ng daan-daang milyon sa dolyares ng nagbabayad ng buwis bawat taon

Makakatulong ang mga taga-New York sa paglaban sa panloloko, pag-aaksaya, at pang-aabuso sa pamamagitan ng pag-ulat ng potensiyal na nakapanghihinalang pag-uugali o mga insidente. Hinihikayat ng OMIG ang sinumang nakakakita ng mga pagkakataon ng potensiyal na panloloko, pag-aaksaya, o pang-aabuso sa Medicaid para kontakin ang hotline sa panlokoko ng OMIG. Ang mga tip ay maaaring ganap na anonymous—at iniimbestigahan ng OMIG ang lahat ng naisumbong na impormasyon.

Office of the Medicaid Inspector General
800 North Pearl Street
Albany, NY 12204
(518) 473-3782

Paano ka naaapektuhan ng panloloko sa Medicaid:

Ang panloloko sa pangangalaga ng kalusugan ay hindi krimeng walang biktima.

Mga Nagbabayad ng Buwis: Kahit na ang mga pinakamababang estima ng panloloko sa pag-aalaga sa kalusugan ay kumakatawan sa malaking bawas sa sistema ng pangangalaga ng pampublikong kalusugan. Ang mga nagbabayad ng buwis sa Estado ng New York at sa buong bansa ay nagbabayad ng presyo nito.

Mga Tatanggap: Kapag maling kinakatawan ng tagapaglaan ang mga kredensiyal niya at serbisyo, maaari itong makasama sa kalusugan mo. Sa pagpapalsipika o pag-exaggerate ng diagnosis, maaaring magdagdag ang doktor ng kundisyon na wala ka sa medikal mong talaan. Maaari kang sumailalim sa hindi kailangan o hindi ligtas na mga medikal na procedure, maaaring makatanggap ng maling medikal na paggamot, o malaman na ang mga benepisyo mong pangkalusugan ay naubos.

Mga Tagapaglaan: Ang mga pagkilos ng ilang mapanlinlang na tagapaglaan ay sa kalaunang nakakapinsala sa reputasyon ng pinagkakatiwalaan at nirerespetong tagapaglaan.

1-877-87-FRAUD
877-873-7283

www.omig.ny.gov
www.omig.ny.gov/medicaid-fraud/file-allegation

Facebook at Twitter @nysomig

NEW YORK STATE OF OPPORTUNITY. | Office of the Medicaid Inspector General

NEW YORK STATE OF OPPORTUNITY. | Office of the Medicaid Inspector General

Pagsumbong ng Panloloko sa Medicaid sa Estado ng New York

Kathy Hochul
Governor

Frank T. Walsh, Jr.
Acting Medicaid Inspector General

Tumulong Mapahinto ang Panloloko

Mga halimbawa ng panloloko ng tagapaglaan:

- Pagtanggap ng mga kickback para sa pag-refer ng pasyente
- Paglulustay
- Pagrereseta ng mga serbisyo na hindi medikal na kailangan
- Pagsingil sa parehong serbisyo nang maraming beses
- Pagsingil para sa mga serbisyong hindi kailanman inilaan



Mga halimbawa ng panloloko ng benepisyaryo:

- Pamimili ng doktor o pagbisita nang sobra-sobra sa mga emergency room naghahanap ng mga kontroladong droga
- Hindi inuulat ang ibang pangkalusugang insurance
- Pagbabago ng mga singil o resibo
- Pagsusumite ng mga claim para sa kamag-anak
- Pag-ulat ng mas mababang kita kaysa sa
- kinita para maitaguyod ang pagiging nararapat
- Pagtanggap ng mga regalo o insentibo kapalit ng paggamit ng partikular na tagapaglaan
- Pagpapahiram ng Medicaid card sa ibang tao

Paano mo malalabanan ang panloloko:

- Magtanong sa doktor mo. Siguruhin na alam mo at nauunawaan ang mga isinagawang procedure.
- Maabisuhan. Magtabi ng mga talaan ng iyong medikal na pag-aalaga, at malapitang repasuhin ang lahat ng mga medikal na statement na natanggap mo. Tama ba ang petsa ng serbisyo? Natanggap mo ba ang mga serbisyong nasingil?
- Protektahan ang iyong Medicaid ID card tulad ng sa credit card. Huwag magbigay ng mga numero ng policy sa mga door-to-door salespeople, mga solicitor sa telepono o sa Internet.
- Mag-ingat sa mga "libreng" offer ng mga serbisyo sa pag-aalaga ng kalusugan, mga test o mga paggamot na madalas ay mga pamamaraan sa panloloko.
- Isumbong ang panloloko. Kontakin ang:

Office of the Medicaid Inspector General
Bureau of Medicaid Fraud Allegations
800 North Pearl Street
Albany, NY 12204

877-87-FRAUD (877-873-7283)

Online: **www.omig.ny.gov**

www.omig.ny.gov/medicaid-fraud/file-allegation

Ang mga whistleblower sa pag-aalaga ng kalusugan ay protektado ng batas

Kung nagtatrabaho ka sa larangan ng pag-aalaga ng kalusugan at nag-ulat ng panloloko o pang-aabuso ng Medicaid, hindi pinapayagan ang employer mong magsagawa ng anumang mga pagkilos laban sa iyo.

Ang mga employer na naghihiganti laban sa mga empleyado ay sasailalim sa mga multa at maaaring atasang magbayad ng mga nawalang sahod, benepisyo, at mga legal na bayarin. Ang mga empleyadong na-fire ay maaaring maibalik.

Kontakin ang OMIG Fraud Hotline sa :

1-877-87-FRAUD (877-873-7283)

or online sa: www.omig.ny.gov

NEW YORK STATE OF OPPORTUNITY. | Office of the Medicaid Inspector General